

Mga Katanungang Madalas Itanong

T: Ano ang mga palsipikadong gamot?

S: Kabilang sa mga palsipikadong gamot ay ang anumang peke o mababang kalidad na gamot na di pasok sa mga napagtibay na pamantayan sa kalidad ng FDA ngunit inililihim ang katotohanang ito. Ang mga palsipikadong gamot ay maaring anumang, o lahat, ng mga sumusunod na bagay:

- Napakalakas o napakahina
- May kulang na mahahalagang sangkap
- Ginawa gamit ang mga mapanganib na sangkap
- Na hinaluan ng di-kilala, at nakalalason pang, mga materyales
- Ginawa sa madumi at may mikrobyong kalagayan
- Ginawa gamit ang hindi ligtas na mga pamantayan
- Hindi wasto ang pagpapangalan, pag-iimbak at pangangasiwa
- Wala nang bisa (luma)

Katotohanan: Ang mga palsipikadong gamot ay hindi limitado sa mga may-tatak na resetang gamot. Ang mga palsipikador ay gumagawa rin ng mga pekeng bersyon ng generic at mga gamut na mabibili nang walang reseta [over-the-counter (OTC) drugs].

T: Bakit mapanganib ang mga palsipikadong gamot?

S: Ang mga palsipikadong gamot ay hindi lang nakapanloloko sa mga mamimili, inaalal nito sa mga pasyente ang mga paggamot na maaaring magpagaan sa kani-kanilang mga paghihirap at magligtas ng mga buhay—at sa napakaraming mga pagkakataon, ang mga palsipikadong gamot ay nagdudulot ng napakalaking mga pinsala at pagkamatay. Ang mga ito ay maaaring maging sanhi ng mga alerhiya, matinding pagkalason sa bakal, pati na rin ang pagpapapalaganap ng pagtanggap ng katawan sa bisa ng gamot para sa mga sakit. Ang mga pekeng gamot na ito ay maaaring maglamang ng alinman mula sa mga tisa, pinulbong semento, at boric acid (o mas malala pa) at ibinebenta na animo'y totoong mga gamot. Dahil napakahusay ng talento ng mga palsipikador sa pagpapalitaw na ang kanilang mga produkto ay ang tunay na mga gamot, madaling ipag-akala na ang mga mapanganib na produktong ito ay tunay.

T: Anu-anong mga uri ng gamot ang palsipikado?

S: Ang anumang gamot, mula sa mga antibiotic hanggang sa gamot para sa sakit, ay maaaring palsipikahin. Noong 2007, ang mga palsipikador ay nakabenta nang higit sa 600 iba't-ibang uri ng may-tatak, generic at mga gamot na mabibili nang walang reseta (over-the-counter drugs) at gumamit ng mas pinagandang pakete upang mas mahirap na matukoy ang kanilang mga palsipikadong produkto.

T: Hindi ba banta lamang ang mga palsipikadong gamot sa mga umuunlad na bansa?

S: Hindi. Sa katotohanan, ang mga palsipikadong gamot ay maaari, at lumitaw na sa parehong online at mga tradisyonal na parmasya sa Estados Unidos. Noong Agosto 2007, sinabihan ng FDA ang mga mamimili na kakapasa lang mga mga reseta sa dawalang mga Medicine Shoppe sa Baltimore na sila ay maaaring nakatanggap ng mga gamot na wala nang bisa o palsipikado.

Kung ang online na parmasya na iyong binibilhan ay isang parmasyang lisensyado ng estado na nasa loob ng Estados Unidos, ang posibilidad ng pagkatanggap sa palsipikadong gamot ay mas mababa. Ngunit, kung balak mong bumili ng mga gamot sa pamamagitan ng mga online na parmasyang nasa labas ng Estados Unidos, dapat kang magpatuloy nang may pag-iingat. Ang mga parmasyang ito ay hindi nasasailalim sa parehong mahigpit na mga tagubilang

ipinapataw ng Estados Unidos sa mga parmasyang nasa loob ng bansa, na nagpapataas sa posibilidad ng iyong pagbili ng palsipikadong gamot.

T: Karaniwan bang makikita ang mga palsipikadong gamot sa Estados Unidos?

S: Tinatantiya ng World Health Organization na ang mga palsipikadong gamot ay nagmumula sa mas mababa sa 1 porsiyento sa mga maunlad na bansa sa higit sa 30 porsiyento sa ilang

Katotohanan: Madalas pinopondohan ng mga palsipikadong gamot ang organisadong krimen at iba pang mga kriminal na aktibidad tulad ng terorismo, pagpapatrabaho sa mga bata at alipin, at angangalakal ng tao. Sa pagbili ng mga palsipikadong gamot, hindi mo namamalayang sinusupportahan mo ito.

mga umuunlad na bansa. Sa kasalukuyan, ang Estados Unidos ang may isa sa mga pinakaligtas na supply ng gamot sa buong mundo dahil ang mga supply para sa gamot ay "sarado" para sa mga pag-aangkat. Bagaman ang karamihan sa palsipikadong gamot sa Estados Unidos ay hindi galing sa aming normal na hanay ng nagsu-supply, ang may daya, mga nakuha mula sa panloloko, walang-bisa o palsipikadong mga gamot ay nananatiling isyu sa Estados Unidos. Lalo na kapag ang mga mamimimili ay lumabas mula sa kasalukuyang saradong sistema ng Estados Unidos kailanman, mayroong napakatotoong panganib sa kanilang kalusugan at kapakanan.

T: Kung ako ay bumili o kumuha ng mga gamot sa pamamagitan ng Internet, kailangan ko bang mag-alaala tungkol sa mga palsipikadong gamot?

S: Oo. Habang pinapayagan ng Internet ang paghahambing sa mga presyo at pagbili ng mga produkto nang di na kinakailangan ang pag-alis pa sa bahay, pinadadali rin nito sa mga walang pakundangang tao ang magbenta ng hindi naaprobahan at palsipikadong gamot sa mga mamimiling hindi nagsususpetsa. Sa ilang mga bansa, ito ay isang bihirang pangyayari; sa iba, ito ay isang katotohanan sa araw-araw. Batay sa pagtatasa nito nang higit sa 1,000 tindahan ng gamot sa Internet na nagbebenta ng gamot online, nalaman ng National Association of Boards of Pharmacy (NABP) na 97 porsiyento sa mga site na ito ay nagsasagawa ng operasyon bilang pagsunod sa mga batas-pederal at ng estado o nakapagtatag ng mga pamantayan sa pagsasagawa para sa parmasya at kaligtasan ng pasyente.

Ang Partnership para sa Safe Medicines ay nag-aalok ng ilang mga tools, kabilang ang "Mga Tip sa Ligtas na Pagbili Online" at "Mga Senyales na Babala," upang ituro sa mga mamimili ang ligtas na pag-order ng resetang gamot sa pamamagitan ng Internet.

T: Ayon sa Web site ang mga gamot ay mula sa Canada, ang ibig sabihin ba nito ay ang mga ito ay ligtas?

S: Hindi. Hindi dahil maganda lamang ang Web site at sinasabi nito na ang mga gamot ay galing sa Canada, ito ay isang lehitimong online na parmasya. Sa katotohanan, dahil sa pagmamarka ng mga gamot bilang "para sa pagluluwas lamang," maaaring gawin ng mga nagluluwas ng gamot ang Canada bilang isang post office box para sa mga gamot na peke o mababa ang kalidad na mula sa Tsina, India, at iba pang mga bansang kilala para sa mga hindi mabisa at minsan, nakamamatay na mga produkto.

Ang pag-angkat ng mga gamot mula sa mga bansa sa Europa tulad ng Great Britain ay hindi maituturing na mas ligtas. Ang mga batas sa pangangalakal ng European Union para sa kaagapay na pag-angkat ay nagbibigay ng pagkakataon para sa hindi mapapansing pagpasok ng mga palsipikadong gamot sa mga lehitimong grupo ng nagsu-supply at mga merkado.

T: Mayroon bang mga paraan upang malaman ko kung ang isang gamot ay palsipikado?

S: Habang ang ilang mga palsipikadong gamot ay hindi matutukoy kung ihahambing sa tunay na produkto, maraming mga palsipikadong gamot ang nag-iiwan ng mga bakas na makikita o may mga katangiang-pisikal na maaaring tumulong sa iyo upang malaman kung ang mga

gamot ay tunay o hindi. Kapag nagsimula kang uminom ng gamot, gumawa ng “batayan” ng mga katangian ng gamot, kabilang ang anyo nito, lasa, pagkapino, mga reaksyon at pagkakapagpakete. Ihambing ang gamot na iyong matatanggap sa kung ano ang dapat na anyo nito, lasa at pakiramdam. Kapag naghahambing ng pakete, maghanap ng pagkakaiba sa papel, pag-imprenta, kulay at mga font (hal. pareho ba ang laki, pagtaas ng imprenta, pagka-emboss, atbp.).

T: Sa tingin ko'y nakabili ako ng palsipikadong gamot, ano ngayon ang aking gagawin?

S: Kung ikaw ay may anumang mga suliranin tungkol sa kalidad ng iyong mga gamot, o nakumpirma na mayroong pagkakaiba sa pagkakapagpakete, pagkakapagpangalan, o mga pildoras, agad na makipag-ugnay sa parmasya kung saan mo binili ang mga ito. Kung ikaw ay bumili ng generic na bersyon ng isang resetang gamot, malaman na ang kulay at ang pagkakapagpakete ay maaaring mag-iba kung ang isang parmasya ay makatanggap ng generic na bersyon mula sa isang bagong distributor. Maaari mo ring gustuhing makipag-ugnay sa FDA, sa iyong State Board Pharmacy at sa gumagawa ng gamot upang iulat ang iyong mga suliranin. Ikaw ay maaaring tulungan ng Pharmaceutical Security Institute sa pakikipag-ugnay sa mga gumagawa ng gamot at mayroon silang karagdagang impormasyon tungkol sa palsipikadong gamot sa kanilang Web site, www.psi-inc.org. Maaariing makipag-ugnay sa FDA sa pamamagitan ng pagtawag sa libreng numero **1-800-FDA-1088 (1-800-332-1088)** o online sa www.fda.gov/medwatch.

Huwag itapon ang pinagsususpetsahang produkto; maaari itong kunin ng mga naaangkop na awtoridad para sa pag-aanalisa. Ngunit, mahalaga na hindi mo maihalo ang gamot na ito, gayundin ang sinomang miyembro ng pamilya, sa alinmang mga lehitimong resetang gamot na maaaring iniinom mo sa kasalukuyan. Malinaw na markahan ang gamot bilang pinagsusupetsahan at siguraduhing ito ay hindi mo magagamit, gayundin ng ibang kapamilya hanggang maipadala mo ang pinagsususpetsahang gamot sa mga naaangkop na lokal na opisyal na nagpapatupad ng batas o maitapon ito nang maaayos.

T: Saan ako ligtas na makabibili ng mga gamot online?

S: Ang mga pinakaligtas na parmasya online ay ang mga nabigyang-akreditasyon ng Verified Internet Pharmacy Practice Sites (VIPPS). Itinatag ng National Association of Boards of Pharmacy (NABP), ang VIPPS ay ang pinakapinagkakatiwalaan at pinakainaasahang batayan ng publiko upang matukoy ang mga lehitimo at huwad na mga nagbebenta ng gamot online. Bisitahin ang www.vipps.info para sa isang kumpletong listahan ng mga VIPPS na parmasya.

T: Paano ako makapagtitipid ng pera nang hindi isinusugal ang kaligtasan sa gamot?

S: Maraming mamimili ang hindi nakaaalam na na ang mga presyo ng mga gamot ay magkakaiba sa bawat parmasya, bawat lungsod, at sa bawat estado. Dalhin ang lahat ng iyong listahan ng mga gamot sa mga lokal na parmasya upang mahanap ang pinakamagandang presyo sa *isang* parmasya. Ang pagbili sa isang parmasya, at pagtatatag ng ugnayan sa iyong parmasyutiko, ay ang pinakaligtas na paraan upang malaman ang epekto ng iba't-ibang gamot, pagdodoble at mga posibleng side effect—at masulit ang iyong pera. Kung ikaw ay edad 65 o mas matanda, maraming mga parmasya ang nagbibigay ng 10 porsiyentong diskwento para sa mga matatanda. Siguruhing magtanong tungkol dito.

Karagdagan sa paghahambing ng mga presyo mula sa mga ligtas, ganap na lisensyadong mga parmasya, magtanong sa tagapagbigay-alaga sa iyong kalusugan at parmasyutiko tungkol sa mga generic na panghalinhin obumili ng supply para sa 90-araw imbis na supply para sa 30-araw. Ang mga generic na gamot ay nag-aalok ng 25-50 porsiyentong pagtitipid kung ihahambing sa mga may-tatak na gamot at ang doktor at parmasyutiko ay maaaring magreseta

ng mga pildoras na mas mataas ang dosis na maaaring hatiin. **TANDAAN:** *Huwag kailanman hatiin ang mga pildoras nang hindi nakikipag-usap sa iyong parmasyutiko!*

T: Saan ako makakakuha ng tulong sa pagbabayad para sa aking mga gamot?

S: Imbis na humingi ng tulong sa mga kahinahinalang mga online na parmaysa, inirerekomenda ng Partnership for Safe Medicines ang paghingi ng tulong sa Partnership for Prescription Assistance (PPA). Tinutulungan ng PPA ang mga pasyenteng hindi nakaseguro o hirap sa pera upang maka-access sa halos 500 mga programa sa pagbibigay-alaga at pagrereseta na nagbibigay ng mga gamot nang libre o halos libre. Ang mga pasyente ay maaaring tumawag sa libreng numero, **1-888-4PPA-NOW (1-888-477-2669)**, upang makipag-usap sa isang sanay na espesyalista na gagabay sa kanila sa proseso ng aplikasyon o bisitahin ang **www.pparx.org**.

T: Alam ko kung anong gamot ang irereseta ng tagapagbigay-alaga, bakit kailangan ko pa ng reseta upang maka-order nito online?

S: Hinihiling ng aming mga batas na ang ilang mga gamot ay maaari lamang ipamahagi kapag may wastong reseta dahil ang mga ito ay hindi ligtas gamitin nang walang pagsubaybay ng isang lisensyadong tagapagbigay-alaga. Bago magreseta ng gamot ang isang tagapagbigay-alaga para sa isang gamot na hindi pa naiinom ng pasyente, dapat muna niyang suriin ang pasyente upang matukoy ang naaangkop na paggamot. Binabalewala ng mga Web site na hindi humihingi ng reseta, o nagpapasagot lamang ng kwestiyonaryo sa mga mamimili bago makakuha ng resetang gamot, ang napakahalagang pagsusuring ito sa personal at inaalang proteksyon sa mga mamimili, na ibinibigay ng isang lisensyadong tagapag-bigay alaga.

Katotohanan: Illegal magbenta ng resetang gamot sa Estados Unidos nang walang reseta. Kung ikaw ay pinapayagan ng isang online na parmasyang gawin ito, ito ay isang parmaysang walang akreditasyon, at ang posibilidad na ikaw ay makatanggap ng palsipikadong gamot ay mas mataas.

Sa kasamaang palad, may mga pasyenteng namatay mula sa mga gamot na kanilang binili mula sa mga online na nagbebenta nang walang reseta. Ang mga kamatayang ito ay naiwasan sana kung ang mga pasyenteng ito ay nakapunta sa kanilang doktor upang kumuha ng reseta.